# Tisang Mensahe Lamang

Dr. Naji Ibrahim

**© Naji I. Arfaj. 2001**

K.F. National Library Cataloging-in-Publication Data

Arfaj, Naji Ibrahim

**Iisang Mensahe Lamang**

32 p. 12 x 17cm

**ISBN 9960 – 9345 – 0 – 0**

240 dc 0870 / 22

**Legal Deposit no. 0870 / 22**

**ISBN 9960 – 9345 – 0 – 0**

2019

# Iisang Mensahe Lamang

Dr. Naji Ibrahim

Sinalin ni
Saminodin Manshawie

Sinuri ni
Hamdan T. Khalil

## Patungkol

*Para sa mga nagsasaliksik ng katotohanan nang buong puso't katapatan. Para sa mga bukas ang kaisipan at may malawak na pang-unawa.*

# *Mga Nilalaman*

*Mga Tanong Bago Magbasa* .............. 4

*Diretso sa Paksa* .................................. 5

*Ang Nag-iisang Dios sa Lumang Tipan ng Biblia* .................................. 17

*Ang Nag-iisang Dios sa Bagong Tipan ng Biblia* .................................. 19

*Ang Nag-iisang Dios sa Banal* .......... 21
*na Qur-an.*

*Ang Pagbubuod* .................................. 23



# *Mga Tanong Bago Magbasa:*

1. **Ano ba itong "Iisang Mensahe Lamang"?**

2. **Ano ba ang sinasabi ng Biblia tungkol dito?**

3. **Ano ba ang sinasabi ng Qur-an tungkol dito?**

4. **Ano ang iyong palagay tungkol dito?**

# *Diretso Sa Paksa*

Pagkaraan ng pagkalikha kay Adan, iisa lamang ang orihinal na mensahe ang paulit-ulit na ipinapadala sa sangkatauhan, sa buong kasaysayan ng salinlahi.

Para paalalahanan ang sangkatauhan sa mensaheng ito at ibalik sila sa tuwid na landas, ipinadala ng nag-iisang tunay na Dios ang mga Propeta at mga Sugo tulad nila Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad, upang ipahayag ang isang mensahe, ito ay:

***Ang tunay na Dios ay nag-iisa lamang. Tanging Siya lamang ang dapat sambahin, at sundin ang Kanyang mga kautusan.***

# *Ang Tunay na Dios, Ang Tagapaglikha*



Ipinadala ng tunay na Dios ang mga pangunahing Sugo at iba pa sa kanila ang mga mahahalagang pakay, kasama na rito ang:

- Tanggapin ang kapahayagan at ipamahagi ito sa kanilang mga nasasakupan at mga tagasunod.
- Turuan ang mga tao tungkol sa kaisahan ng Dios at dalisayin ang pagsamba para sa Kanya.
- Maging mabuting halimbawa sa salita at sa gawa, para sila'y sundin ng sangkatauhan sa kanilang daan tungo sa nag-iisang Dios.
- Pangaralan ang kanilang mga tagasunod ng pagkatakot sa Dios, pagsamba sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

- Turuan ang kanilang mga tagasunod ng mga tuntuning pangrelihiyon at mga mabubuting asal.
- Ituwid ang mga nagkasala, mga sumasamba sa mga diyus-diyusan at iba pa.
- Ipaalam sa mga tao na sila'y muling bubuhayin pagkatapos nilang mamatay, sila'y huhusgahan sa araw ng paghuhukom mula sa kanilang mga ginawa, sinuman ang sumampalataya sa nag-iisang Dios at nagsagawa ng mga kabutihan ay gagantimpalaan siya ng Paraiso, sinuman ang magtambal sa Dios at sumuway (sa mga kautusan Niya) ang kanyang kahahantungan ay sa Impiyerno.

Tunay na yaong mga Propeta at mga Sugo ay mga nilikha at sila'y ipinadala ng nag-iisang Dios. Ang sansinukob at mga nilalaman nitong mga nilikha ay nagpapatunay na may Panginoon na Tagapaglikha at nagpapatotoo sa Kanyang kaisahan, si Allah ang Tagapaglikha ng sandaigdigan at mga nilalaman nitong mga tao, mga hayop at mga bagay. Siya ang Naglikha ng kamatayan at ng buhay na pansamantala at buhay na walang-hanggan.

Tunay na ang mga kapahayagan sa mga Hudyo, sa mga Kristiyano at sa mga Muslim ay lahat nagpapatunay na may Panginoong Dios at nag-iisang dapat sambahin.

Ang taong nagsasaliksik ng katotohanan, kapag pinag-aralan niya sa Biblia at sa Banal na Qur-an ang tamang pagkakilala sa Dios ng may layunin at pagkamatapat ay makakaya niyang ibukod ang mga natatanging katangian na nauukol lamang sa tunay na Dios, at hindi Siya maaaring tambalan ng ibang mga diyus-diyusan. At narito ang ilan sa Kanyang mga katangian:

- ✓ Ang Tunay na Dios ay Tagapaglikha at hindi nilikha.
- ✓ Ang Tunay na Dios ay Nag-iisa at wala Siyang katambal, hindi dumarami, hindi nanganganak at hindi ipinanganak.

- ✓ Ang Tunay na Dios ay malayo sa mga pagsasalarawan ng mga nalikha at hindi Siya maaaring makita dito sa mundo.
- ✓ Ang Tunay na Dios ay walang wakas, walang kamatayan, hindi nagbabago, hindi naglalaho at hindi nagkakatawan ng alinman sa Kanyang mga nilikha.
- ✓ Ang Tunay na Dios ay nananatili sa Kanyang katayuan at sarili, walang pangangailangan sa Kanyang mga nilikha at hindi Niya sila kailangan, wala Siyang ama at ina, walang asawa at anak, hindi Siya nangangailangan ng pagkain at inumin, hindi Siya nangangailangan ng tulong mula kanino man bagkus ang mga nilalang na nilikha ng tunay na Dios ang may pangangailangan sa Kanya.
- ✓ Ang Tunay na Dios ay bukod-tangi sa Kanyang mga katangian na Siya ang Pinakadakila, ang walang-kapintasan at ang nagmamay-ari ng napakagandang katangian na walang maaaring tumambal at tumulad sa Kanya kahit isa man sa Kanyang mga nilikha, wala Siyang kahalintulad na kahit katiting na bagay.

*Maaari nating gamitin ang mga pamantayan at mga katangiang ito* ***(at ganun din ang ibang mga katangiang Siya lamang ang nagmamay-ari)*** *sa pag-susuri at pagtatatwa sa lahat ng pinaniniwalaan at nag-aangkin ng pagka-Dios.*

Ngayon, hayaan ninyo akong balikan at saliksikin ang isang mensahe na nabanggit sa itaas at suriin ang ibang mga talata sa Biblia at sa Banal na Qur-an na nagpapatunay sa kaisahan ng Dios. Ngunit bago iyan, nais ko sa inyong ibahagi ang palaisipang ito:

***Maaaring masabi ng ibang mga Kristiyano ang ganito: malinaw na Iisa ang Diyos at kami'y naniniwala sa Iisang Dios.***

***Di Ano Ang Punto?***

Ang katunayan nito, sa kasalukuyan ng aking pag-aaral at pagbuhos ng buong pag-iisip sa pagbabasa tungkol sa Kristiyanismo at sa maraming pakikipagtalakayan sa mga Kristiyano, natagpuan ko na ang tunay na Dios sa kanila (ayon sa pagsasalarawan ng iba sa kanila) ay sumasaklaw sa mga sumusunod:

***Dios Ama.***
***Dios Anak.***
***Dios Espiritu Santo.***

Ang mababaw na pag-unawa at matuwid na pangangatuwiran ay magpapatibay sa isang mananaliksik ng paksa sa pamamagitan ng mga tanong sa mga Kristiyano:

- ***Ano ang ibig sabihin ng pagsasabi ninyo ng "Isa ang Dios" subalit ang tinutukoy ninyong Dios ay tatlo?***
- ***Ang Dios ba ay nagiging Isa sa Tatlo o ang Tatlo ang nagiging Isa (1 sa 3 or 3 sa 1)?***

Karagdagan pa riyan, ayon sa paniniwala ng mga Kristiyano, ang tatlong dios na ito ay may iba't ibang mga gawain na ginagampanan at pagkakakilanlang katangian at larawan tulad ng sumususnod:

***1) Dios Ama = Tagapaglikha***
***2) Dios Anak = Tagapagligtas***
***3) Dios Espiritu Santo = Tagapayo***

Ang pag-aangkin na ang Kristo ay anak ng Dios o kaya'y siya mismo ay Dios o kaya'y bahagi siya ng tunay na Dios, ay sumasalungat mismo sa mga sinasabi ng Lumang Tipan at Bagong Tipan, nasasaad na ang tunay na Dios ay hindi makikita at hindi maririnig ninuman ang Kanyang boses:

- ***Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang Kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang Kaniyang mukha.*** *(Juan 5:37)*
- ***Walang taong nakakita o makakakita sa Kanya.*** *(1 Kay Timoteo 6:16)*

- ***Hindi maaaring Ako ng tao at mabuhay.*** *(Exodo 33:20)*

Batay sa mga talatang ito at iba pa na nasasaad sa Biblia, ako'y lubusang nagtataka at napapatanong nang buong katapatan at pagtitiwala, kung paano natin pagtutugmain ang kanilang sinasabi na si Hesus ay Dios, datapuwa't ang mga talata sa Biblia ay mariing tinitiyak na walang sinumang nakakita sa Dios ni walang nakarinig sa Kanyang tinig?!

Hindi baga nakita ng mga Hudyo at pamilya ni Hesus at mga tagasunod niya si Hesus sa kanilang kapanahunan, Hindi ba nila nakita si Hesukristo (ang Dios anak ayon sa kanilang paniniwala) at narinig ang kanyang boses?

Paano sinasang-ayunan ng LumangTipan at Bagong Tipan na ang Dios ay walang sinumang nakakita at nakarinig sa Kanya, tapos may matatagpuan tayong tao na naniniwa- lang si Hesus ay nasaksihan ang kanyang pagkatao at narinig ang kanyang tinig, siya ba ang Dios o anak ng Dios?

Mayroon bang lihim na nakatago sa katotohanan ng Dios?

Ngunit ang Lumang Tipan ay mariing tiniyak na ito'y salungat diyan ayon sa pagsasaling salita ng Dios na Kanyang sinabi: ***"Tunay na Ako ang Panginoon at doon ay walang dios na iba. At tunay na Ako'y hindi nagsalita ng lihim at hindi Ko inilihim ang Aking hangarin… tunay na Ako ang Dios at Ako'y nagsasalita ng katotohanan at Aking ipapahayag ang katotohanan."*** ***(Isaiah 45:19)***

*Di ano ang totoo? Pakiusap basahin ang mga naunang talata ng paulit-ulit at pag-isipan ng malalim.*

Tayo ngayon ay maglakbay tungo sa pagsasaliksik tungkol sa katotohanan ng Dios, sa Biblia at sa Qur-an. Hangaring malaman sa aking paglalahad ang inyong mga mungkahi at palagay pagkatapos unawain ang mga talata at mga basehan, pagkatapos mabasa ang buklet na ito ng may pagbabasa at may makatuwirang pagtatalakay.

***Bilang pag-iingat sa nasabing paksa, aking ilalahad ang mga katibayan nang walang anumang pagdaragdag na sariling kuru-kuro, sana'y unawain ito bilang pagpapahalaga at pagtatalakay nang walang halong haka-haka o paghuhusga.***

## *ANG NAG-IISANG TUNAY NA DIOS SA BIBLIA (Lumang Tipan):*

- ***Dinggin mo, oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon.* (Deutoronomio 6:4)**

- ***At di baga ang nag-iisang Dios ay lumikha para sa atin ng espiritu ng buhay at tayo'y Kaniyang binibiyayaan?* (Malakias 2:15)**

- ***Upang inyong malaman at magsisampalataya kayo sa Akin, at inyong matalastas na Ako nga ang siyang Dios, walang dios na inanyuan na una sa Akin, o magkakaroon pagkatapos Ko. Ako sa makatuwid baga'y Ako, ang Panginoon, at liban sa Akin ay walang tagapagligtas.* (Isaias 43: 10-11)**

- *Ako ang una, at Ako ang huli; at liban sa Akin ay walang dios. Sino ang katulad Ko?* (Isaias 44:6)

- *Hindi baga Ako ang Panginoon at walang ibang dios liban sa Akin? Bumaling sa Akin, at mangaligtas, at doo'y wala ng iba.* (Isaias 45:21-23)

***May naaalala ka bang ibang mga talata na tulad nito?***

## *ANG NAG-IISANG TUNAY NA DIOS SA BIBLIA (Bagong Tipan):*

- ***Lumapit sa kanya ang isa, at nagsabi, mabuting guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan? At sinabi niya (Hesus) sa kaniya, bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang ibang mabuti maliban sa nag-iisa, siya ang Dios.***

  ***(Mateo 19: 16-17) K.J.V.***

- ***At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay makilala nila, Ikaw ang tanging Dios na tunay na nag-iisa Ka, at si Hesukristo ang Iyong sinugo.*** ***(Juan 17: 3)***

- ***Sambahin ninyo ang tunay na Dios na inyong Dios at Siya lamang ang inyong paglilingkuran.*** ***(Mateo 4:10)***

- ***Pakinggan mo, oh Israel; ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa… ang Dios ay iisa at walang iba liban sa Kanya.***
  ***(Marcos 12:29)***

- ***Sapagka't may isang Dios at may isang tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Hesukristo.***
  ***(1 Kay Timoteo 2:5)***

Makakaya mo bang maalala ang iba pang mga katibayan na nagpapatunay na iisa lamang ang Dios?

(AT HINDI TATLO!)

## *ANG NAG-IISANG TUNAY NA DIOS SA QUR-AN:*

- ***Sabihin! Siya si Allah, ang bukod tanging nag-iisa, si Allah, ang sandigan ng lahat, ang walang hanggan at walang kapintasan, hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak at Siya ay walang katulad.*** ***(112: 1-4)***

- ***Walang sinumang Dios maliban sa Akin, kaya't sambahin ninyo Ako.*** ***(21:25)***

- ***Katiyakan na hindi sumasampala-taya ang mga nagsabing "si Allah ay isa sa tatlo (trinidad)" datapuwa't wala ng iba pang dios maliban sa nag-iisang Dios (si Allah). At kung sila ay hindi titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, ang isang kalunos-lunos na kaparusahan ay sasapit sa mga hindi sumasampalataya sa kanila.*** ***(5:73)***

- ***May iba pa bang dios bukod kay Allah? Karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam.*** *(27:61)*

- ***May iba pa bang dios bukod kay Allah? Mataas si Allah sa kanilang mga itinatambal sa Kanya.*** *(27: 63)*

- ***May iba pa bang dios bukod kay Allah? Sabihin! Ipakita ang inyong katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.*** *(27: 64)*

**Ang katotohanan na nasa mensaheng ito ay ang "KAISAHAN NI ALLAH" Ito ang pangunahing paksa sa Banal na Qur-an.**

## *Ang Pagbubuod*

Tunay na ang mga talatang ito at kasama ng iba pang mga daan-daang magkakatulad na batayan sa Biblia at sa Qur-an ay nagpapatunay na walang anumang pag-aalinlangan na ang Dios ay iisa lamang at walang ibang dios liban sa Kanya, ayon sa sinasabi ng Biblia, ***"Dinggin mo, Oh Israel; ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa… ang Dios ay iisa at walang iba liban sa Kanya."*** ***(Marcos 12:28-33)***

At binabanggit din ng Banal na Qur-an ang pag-uutos ni Allah, sa Kanyang sinabi: ***"Sabihin: Siya si Allah, ang nag-iisa."*** ***(112:1)***

Ang Biblia ay hindi lamang nagpapatotoo na ang Dios ay iisa, bagkus pinapatotohanan na si Allah ang Siya ring Tagapaglikha at Tagapagligtas na tanging nag-iisa ***"Upang inyong malaman at Ako'y sampalatayaan, at inyong matalastas na Ako nga ang siyang Dios, walang dios na inanyuan na una sa Akin, o magkakaroon pagkatapos Ko. Ako sa makatuwid baga'y Ako, ang Panginoon, at liban sa Akin ay walang tagapagligtas."***

***(Isaias 43: 10-11)***

At dahil dito, nagiging malinaw na ang salitang pagka-dios tulad ng Espiritu Santo, at nina Hesus, Brahma, Vishnu, Shiva, Krishna, Buddha at iba pa ay walang pinagmulan, walang katibayan, wala silang pag-aaring ano pa man na bagay, sila'y hindi mga dios at hindi bilang paglalantad sa tunay na Dios o pagkakatawang dios o paglalarawan sa Kanya. Wala Siyang (Allah) kahalintulad na bagay tulad ng nabanggit sa Biblia at Qur-an.

Sa kabilang dako, ang Essenes, isa sa mga sektang Kristiyanismo noong unang kapanahunan ay dumanas ng kaparusahan at kalupitan dahil naniwala sila sa nag-iisang Dios, at tinanggihan nila ang pagpapalit sa aral ni Hesus na pagsamba sa nag-iisang Dios, at kanilang kinamuhian ang Trinidad na pagbabagong aral ni Pablo at ang kanyang mga kasamahan.

Sa madaling salita, ipinadala ni Allah si Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus, Muhammad at lahat ng Propeta at Sugo (sumakanilang lahat nawa ang pagpapala at kapayapaan) upang ipamahagi sa sangkatauhan ang pananampalataya kay Allah

at pagdalisay ng pagsamba para sa Kanya na nag-iisang walang katambal at kapantay, Siya ay malayo sa lahat ng uri ng kasamaan. At ito ang lisang Mensahe ng mga Propeta at mga Sugo:

**Ang tunay na Dios ay nag-iisa lamang. Tanging Siya lamang ang dapat sambahin, at sundin ang Kanyang mga kautusan.**

At kung gayon na ang mensahe ng mga Propeta at mga Sugo ay iisa, sa makatuwid ang kanilang relihiyon ay iisa.

**Kung ganun ano ang relihiyon ng mga iyon?**

Ang pinakadiwa ng kanilang mensahe ay binubuod ng "PAGPAPASAKOP" sa nag-iisang Dios (Allah) at ang salitang ito ay nangangahulugan sa salitang Arabic na "Islam".

At mariing tiniyak ng Banal na Qur-an na ang Islam ay Relihiyong Tunay ng lahat ng mga Propeta at mga Sugo ni Allah, at maaaring subaybayan ang makatotohanang ito sa Banal na Qur-an at ganun din

sa Biblia. ating tatalakayin ang makatotohanang ito sa Biblia sa buklet na darating, ipagkaloob nawa ni Allah!

Bilang panghuli, kailangan para makamtan ang kaligtasan ay tanggapin ang Mensaheng ito at sampalatayaan ito ng buong katapatan at taimtim.

**NGUNIT ANG GAWAING ITO AY HINDI SAPAT!** Datapwa't kailangan din nating sampalatayaan ang lahat ng mga Propeta at mga Sugo ni Allah (nasasaklaw ito ng paniniwala kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan), sundin ang kanilang pamamaraan at isabuhay ito. Iyan ang daan sa buhay na walang hanggang kasiyahan.

Kaya sa mga taimtim na nagsasaliksik ng katotohanan at nagnanais ng kaligtasan, baka sakaling iniisip mo rin ang bagay na ito at ngayon ay inaasam-asam, bago pa mahuli ang lahat at bago pa dumating ang biglaang kamatayan! Sino ang nakakaalam nito kung kailan?

*Mayroon pang isang bagay...*

## *BILANG HULING PAG-IISIP!*

*Pagkatapos basahin ang isang mensaheng ito ng malalim na pagbabasa at pag-unawa ay maaaring maitanong ng mga taong matapat at sensiro ang ganito...*

- *Ano ang katotohanan?*
- *Ano ang dapat gawin?*

Kaya mong manampalataya ng tapat sa iyong Tunay na Dios (Allah), at maniwala sa Kanyang huling isinugo, at banggitin ang mga katagang ito:

## *ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLU ALLAH.*

***(Ako'y sumasaksi na walang ibang tunay na dios liban kay Alláh lamang at ako'y sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ni Alláh).***

Ang pagsasaksing ito ang siyang pangunahing hakbang patungo sa daan ng masayang buhay na walang hanggan at ito ang tunay na susi ng mga pintuan ng paraiso.

Kung sang-ayon ka nang kunin ang daang ito, maaari kang humingi ng tulong sa iyong kaibigan o kapit-bahay na Muslim o sa malapit na Masjid o Islamic Center o ako'y parangalan sa pamamagitan ng iyong pagtawag o pakikipagsulatan sa akin, lubos ko itong ikagagalak.

**Oo, Kaya mo yan!**

## *Mga Talasalitaang Islamiko:*

- ***Allah***

Ang wastong pangalan ng nag-iisang Dios, ang Tagapaglikha. Si Allah ang tunay na Panginoon ng sangkatauhan, (Muslim, Kristiyano, Hudyo, Hindu atbp.).

- ***Muhammad***

Ang huling Sugo ng nag-iisang tunay na Dios (Allah).

- ***Islam***

Pagsuko sa kagustuhan ng Tagapaglikha, ang tunay na Dios (Allah). Maaari lamang makamtan ng isang tao ang tunay na kaligayahan at katiwasayan sa pamamagitan ng pagsuko at pagsunod sa tunay na Dios.

- ***Muslim***

Ang taong sumusuko sa kagustuhan ng tunay na Dios (Allah) ang Tagapaglikha.

- ***Qur-an***

Ang salita ng Dios na inihayag kay Propeta Muhammad.

Kung magpasya kang kunin ang landas na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa isang Muslim na kaibigan, bisitahin ang mga iminumungkahing website sa dulo ng buklet na ito, bisitahin ang pinakamalapit na sentro ng Islam, o mag e-mail sa amin sa:




www.discoveritsbeauty.com

info@discoveritsbeauty.com

***Mga kapaki-pakinabang na website sa Islam:***

» http://www.quranexplorer.com
» http://www.islamhouse.com
» http://www.edialogue.org
» http://www.islamreligion.com
» http://www.newmuslimguide.com
» http://www.aboutislam.chat
» http://www.guidetoislam.com

# *Mga Naisulat At Ibang Mga Gawain Ng May-Akda*

- ***Just One Message!***
- ***God in Christianity… What is His Nature?***
- ***Have You Discovered Its Beauty?***
- ***100 Tweets About Islam***
- ***50 Tweets About Oneness of God***
- ***100 Tweets about Muhammad***
- ***The Series 'Discover Its Beauty in 7 Minutes' (Newly Developed!):***


    1. *Just the Tip of the Iceberg*
    2. *The Religion of Adam and Eve*
    3. *The ABCs of Islam*
    4. *Answering Humanity's Critical Questions*
    5. *His Beautiful Names*
    6. *The Last Revelation*
    7. *The Final Messenger*

## *Mga numero na maaring tawagan kung interesado sa Islam:*

- **Manila - 02-2412494**
- **Tacloban – 09399699526 or 0916502024**
- **Cavite - 046-4163371 or 09284276656**
- **Tarlac - 09292860947**
- **Bacolod - 034-4760790**
- **Gen. Santos – 0835524762**
- **Baguio - 074-4225906**
- **Laguna - 09194971347 or 09077379960**
- **Zamboanga - 09950710301 or 09177048298**
- **Iligan - 063-2226231**
- **Palawan - 09983630764 or 09770125255**
- **Tagum - 09089431616**
- **Davao - 082-2250037**
- **Batangas – 09202337576**
- **Cebu - 09102964916**
- **Mindoro - 09108141644**



## Nabasa mo na ba ang aklat na ito ?




**www.discoveritsbeauty.com**

غراس
المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات في جنوب الدمام
Islamic Cultural Center In The South Of Dammam